# SI BONIFACIO, ANG MGA GREMIO AT ANG KILUSANG MANGGAGAWA SA PILIPINAS

**Dr. Nancy Kimuel-Gabriel**

*Ang papel na ito ay tungkol kay Bonifacio, sa kilusang gremio at kilusang unyon noong dantaon 19 na humantong sa kilusang pambansa para sa pagpapalaya ng bayan noong 1896 at nagtapos sa unang pagdiriwang ng Mayo Uno bilang Araw ng Paggawa sa Pilipinas noong 1903. May limang na bahagi ang papel na ito:*

1. *Saang uri nagmula si Bonifacio? Bakit siya maaring ituring na uring "timawa;"*
2. *Paano sila nataguriang plebeyo sa panahon ng Kastila;*
3. *Ang mga gremio bilang maagang samahan ng mga manggagawa at pundasyon ng unyon;*
4. *Ang pakikisangkot ng mga anak pawis, timawa o dukha, mga manggagawa sa panahon ng himagsikan;*
5. *Ang kilusang unyon at welga pagkamatay ni Bonifacio hanggang sa unang pagdiriwang ng Mayo 1 o Araw ng Paggawa noong 1903.*

*This paper discusses Andres Bonifacio, the gremios and the union movement during the 1900s and the resulting anti-colonial movement in 1896 and the first May Day commemoration in 1903. This paper is divided into five parts:*

1. *What is Bonifacio's class origin? Why is he considered to be part of the "timawa" class?*
2. *Why were the likes of Bonifacio labeled as plebians during the Spanish colonization*
3. *The gremio as the early formation of labor unions and the foundation of Philippine unionism;*
4. *The involvement of the toiling masses, "timawa" or the poor workers in the philippine revolution;*
5. *The unión movement and strike movement after Bonifacio until the the first May Day commemoration in 1903.*

*Keywords: Andres Bonifacio, unyon, plebeyo*

## Ano ang uring pinagmulan ni Bonifacio?

Bakit ko tinawag na timawa si Gat Andres Bonifacio gayong hindi naman talaga dukha o walang-wala ang kanilang buhay? Galing mismo sa kanyang nakababatang kapatid na si Nonay o si Espiridiona Bonifacio-Distrito ang tuwirang paglalarawan sa uring pinagmulan ni Gat Andres. Sa panayam ni Jose A. Quirino sa kanya

noong 1954, itinanggi ni Espiridiona na isang kahig isang tuka ang kanilang pamilya. Aniya,

> "Hindi naman masamang maging mahirap, tulad ng kalagayan ko ngayon, pero hindi naman kami mas mahirap pa sa daga tulad ng naisulat ng iba. Hindi dahil gumagawa kami ng abaniko't tungkod ay nangangahulugan na kami'y dukha. Sa katunayan, maganda ang takbo ng negosyo ng pamilya at ang pinakamagaganda naming tungkod ay naibebenta mula P50 hanggang P100".[1]

Malinaw sa pahayag ni Nonay na ang mga Bonifacio ay wala sa laylayan ng lipunan. Ayon kay Atty. Gregorio Bonifacio, isa sa mga inapo ni Procopio Bonifacio, bahagi ng pasalitang kasaysayan ng angkan nila na hindi talaga sila ganoong kadukha at nagmamay-ari pa ng lupa na naging bahagi na ng Tutuban Complex.[2]

## Ang uring kinabibilangan ng pamilya

Ang ama ni Andres ay isang sastre at teniente mayor sa Tundo at cabecilla naman ang kanyang ina sa isang pagawaan ng tabako.[3] Cabecilla ang tawag sa ulo o lider ng isang mesa na may 13 cigarrera.[4] Kung gayon, maaring sabihing galing sa uring lumilikha/gumagawa ang kanyang mga magulang at galing ang kanilang kabuhayan sa relasyong sahuran, lalo na ang kanyang ina. Hindi malinaw ang sa ama kung empleyado ito o may sariling hanapbuhay, at malamang na may ekstrang kita pa sa pagiging teniente mayor. Nakakapag-aral pa si Andres at ipinalalagay ng nakararaming historyador na nakarating siya sa katumbas ng ikalawang taon sa hayskul ngayon.

Nagbago ang lahat nang maulila sila. Si Andres, sa edad na 14 at bilang panganay sa pamilya, ang tumayong magulang at

---

1 Jose A. Quirino, "Bonifacio's Sister Talks," *Philippine Free Press*, Nobyembre 27, 1954, 27.

2 Panayam, Atty. Gregorio Bonifacio, Sampaksaan 2013: Balik-Tundo sa Paggunita ng Ika-150 Kaarawan ni Gat Andres Bonifacio, **ADHIKA-SAKATUNDO**, Mababang Paaralang Andres Bonifacio, Set. 28, 2013.

3 Hermenegildo Cruz, *Kartilyang Makabayan Mga Tanong at Sagot Ukol kay Andres Bonifacio atsa Kataastaasan, Kagalanggalang Katipunan ng mga Anak Ng Bayan na nagturo at nag akay sa Bayang Pilipino sa Paghihimagsik laban sa kapangyarihang Dayo.*(Maynila: S.P., 1922), 6; Renato Constantino with the collaboration of Letizia Constantino. *The Philippines: A Past Revisited, 8th ed.* (Quezon City: Renato Constantino,1981), 166.

4 Ma Luisa T. Camagay, *Working Women of Manila in the 19th Century* (Quezon City: University of the Philippines Press. 1995), 6.

nagtaguyod ng mga kapatid. Naputol ang kanyang pag-aaral at "Upang siya'y mabuhay at sampu ng kanyang mga kapatid, binatak ang sariling buto't siya'y nagbili ng mga tungkod/baston at mga pamaypay na papel na ginagawa niya sa loob ng kanilang bahay. Gayon din ang ginawang hanapbuhay ng kanyang mga kapatid.[5]

Kapagdaka, napasok siya bilang mensahero sa bahay-kalakal ng Ingles na Fleming and Company at pagkaraan ng ilang panahon ay ginawa siyang ahente ng kumpanya sa pagbebenta ng sahing (isang uri ng kahoy, kilala rin na pili), yantok at iba pa."[6] Bago ang himagsikan, si Gat Andres ay isang kawani/bodegero at ahente sa kumpanyang Aleman na Fressel and Co. na may tanggapan sa 450 Nueva St., Binondo (Kalye Yuchengco na ngayon). Ang anumang kakapusan ng sweldo ni Bonifacio ay nadurugtungan ng sarili nilang hanapbuhay—ang paggawa ng tungkod at abanikong papel-- at siyang lubos na nakakatulong sa kanilang magkakapatid, "pagkat ang munting sahod ni Andres Bonifacio na umaabot lamang sa 12 piso sa isang buwan ay kapus na kapos sa kanila."[7] Tingnan ang patotoo ni Espiridiona halimbawa:

"Napakaresponsable ni Manong Andres. Noong bata pa kami, namatay ang aming mga magulang na sina Santiago Bonifacio at Catalina de Castro. Si Manong ang bumalikat ng pagiging Padre de Familia sa amin. Bagamat mayroon siyang trabaho sa labas, tinutulungan pa rin niya kaming gumawa ng mga abaniko at tungkod. Isipin mo ang itsura namin noon: magkakapatid na apat na lalaki at dalawang babae na paupong nakahilera. Ang isa nagdidikit. Yung isa nag-uukit. Yung isa naman nagbabarnis ng tungkod na gawa sa matigas na kahoy. Ang pinakaseryoso sa grupo, at ang nagtuturo sa lahat kung paano gagawin ito o iyon ay si Andres. Ganyan ang itsura namin kapag gumagawa kami sa aming maliit na negosyo.[8]

Kung aanalisahin ngayon ang kanilang katayuan, ang kabuhayan ay nanggagaling sa dalawa: una, mula sa pagiging sahuran niya bilang ahente sa Flemming & Co., at pagkatapos ay sa Fressel & Co.; pangalawa, mula sa negosyong pambahay na

---

5 Cruz, 7.

6 Cruz, 7.

7 Jose P. Santos, *Si Andres Bonifacio at ang Himagsikan.* 1935, ikalawang pagkalimbag, 2; Cruz, 7.

8 Gregorio F. Zaide, "Andres Bonifacio's Sister," *Philippine Graphic,* November 27, 1954, 26-29.

ipinundar nilang magkakapatid, ang paggawa at pagbebenta ng tungkod at abaniko, na karaniwang ginagawa ngayon ng mga self-employed, o nasa "negosyong pambahay."

At masasabing may iba pa siyang ekstrang kita: dahil sa maganda ang kanyang panulat, naging hanapbuhay din niya ang paggawa ng mga patalastas at pantatak sa mga damit na ipinagbibili sa pamilihan.[9] Ang dalawa niyang kapatid ay naipasok din niya sa Perokaril. Si Ciriaco ay naging konduktor ng tren at si Procopio ay naging factor (ahente) sa himpilan ng Perokaril. Sinasabing ang pagkakapasok nila rito ay "utang kay Andres na may malapad na "papel" sa kanyang pinapasukang Fressel & Company at siyang nagbigay ng rekomendasyon sa himpilan ng Perokaril."[10] Ayon kay Jaime Tiongson, na gumagawa ngayon ng isang pag-aaral tungkol sa Perokaril, ang Fressel & Company ang suplayer ng alkitran at kahoy na inilalagay sa riles ng tren sa Perokaril.[11]

Ang bunso sa lalaki na si Troadio, ayon kay Espiridiona, ay napasok na marino sa sasakyang Kastila noong 1893 (Ang Reina Maria Cristina, na pinalubog ng mga pandigmang Amerikano sa look ng Maynila[12]). Sa payo ni Andres, kumalas siya mula dito sa bisperas ng himagsikan at nagtungo sa Hongkong. Habang nasa HongKong, nanalo siya sa Loteria ng Madrid at pagkatapos ay tumungo sa Macao at doon namuhay sa proteksyon ni Doña Ana Pereyra, ang Marquesa ng Lerma. Pagkatapos ng himagsikan, nabalitaan nina Esperidiona mula sa ilang kababayang nakakita sa kanya na siya ay nasa Pransya at nagsasabing hindi na babalik sa Pilipinas. Marahil, ayon kay Nonay, dahil sa matinding pagkadisilusyong bunga ng nangyari sa kanyang mga kapatid. Hindi na sila nagkita ni nakabalita buhat noon ng anuman tungkol kay Troadio, at hindi na rin nalaman kung ano ang nangyari sa kanya. Samantala, ang bunsong kapatid nilang babae na si Maxima ay namatay naman noong 15 taon lamang ito.[13]

Pinapatibay ng lahat ng mga impormasyong ito, na nakasasapat ang kabuhayan ng magkakapatid dahil sa dalawang

9 Santos, 2.

10 Santos, 3-4.

11 Komunikasyong personal. Hulyo 27, 2013.

12 Santos, 1.

13 Espiridiona kay Zaide, *Phil Graphic*, 4, 54.

pinaggagalingan ng kita – sa mga sahod at negosyong pambahay, maliban pa sa mga sidelayn.

Wala sina Andres sa pinakalaylayan ng lipunan. Isang pang patunay dito ang pagiging kasapi niya ng Masoneria o ang Logia Taliba. Ayon kay Hermenegildo Cruz, "hindi tinatanggap sa Masoneria ang mga manggagawang hamak, na ang kabuhaya'y isang kahig isang tuka; pagka't upang maging mason, isa sa pangunahing kailangan ay ikaw ay may sapat na kinikita upang buhayin ang iyong asawa't mga anak at may kaunting halagang nalalabis, na isasagot sa mga pangangailangan ng kapatiran at maiambag sa sinomang kapatid na nasa kagipitan. Dahil dito, ang mga mason ay mga taong nakakakaya at ang mga Katipunan ay yaong mga taong hindi matanggap sa Masoneria na mga anakpawis, mga dukha't maralita. Sapagkat noo'y mayayaman at mahihirap na Pilipino'y paraparang inaapi at pinahihirapan ng pamahalaang Kastila't mga fraile kung kaya't lahat ay nagtataglay ng isang layunin: maputol lahat ang kaapihan. Nagkakaiba nga lamang sila sa kaparaanang ginagamit."[14]

Bakit siya maaring ituring na uring "timawa?"Ano ang kahulugan ng timawa noon? Bakit sila nataguriang plebeyo sa panahon ng Kastila? Bakit tinaguriang plebeyo si Bonifacio?

May kasaysayan ang plebeyo sa ating bayan. Una itong ginamit ng mga Kastila nang sakupin nila ang Pilipinas. Itinumbas nila ito sa mga timawa, ang mga malaya at panggitnang uri sa sinaunang pamayanan samantalang principalia naman ang itinawag sa nakatataas na uri o sa mga dating maginoo. Samantala, ang mga alipin, ang pinakamababang saray noon sa lipunan ay "tinimawa" (pinalaya), kahit sa salita lamang. Unang mababanggit ang katawagang plebeyo sa sinulat ni Antonio de Morga noong 1609 tungkol sa kabihasnan at kaugalian ng mga Pilipino bago dumating ang mga Kastila.[15] Clase productivo ang tawag ni Rizal

---

14 Cruz, 29.

15 Antonio de Morga, "Morga's Account of the Filipinos and Their Pre-Spanish Civilization (1609) nsa Zaide at Zaide, *Documentary Sources*, Tomo 4, Doc. 142, p. 51. Ayon kay Morga: *"There are three conditions of persons among the natives of these islands, and into which their government is divided: the chiefs, of whom we have already treated; the* ***timaguas*** *who are equivalent to* ***plebeians****; and the slaves, those of both chiefs and timaguas."* Nasa B & R din, Tomo XVI, p. 75-133. May salin din sa Filipino, tingnan Morga, *Mga Pangyayari sa Sangkapuluang Pilipinas,* 1609. Inihayag sa Madla at binigyan ng paliwanag ni Jose Rizal at sinundan ng panimulang salita ni Ferdinand Blumentritt, (Maynila: Pambansang Komisyon ng mga Bayani, 1964),

dito sa ika-19 dantaon, ang katawan, sa iskemang ulo-katawan-paa at siyang mapanlikhang uri sa anumang lipunan.[16] Ang plebeyo ay kabaligtaran ng uring patrician sa kasaysayang Romano. Tumutukoy ito sa masa at kinakabitan ng deskripsyong "bulgar at magagaspang" na tao. Sila ay nasa mababang saray ng lipunan.

Ang mga timawa ang malayang tao sa sinaunang pamayanan. Katumbas din sila ng tinatawag na maharlika at kailian. Sila ang gumagawa sa lipunan, ang mga mandirigma, panday, magsasaka, manghahabi, mamamalayok, mananagwan, bangkero, at iba pang produktibo sa lipunan. Sila ang panggitnang uri sa pagitan ng maginoo at alipin. Sila ang malalayang tao o karaniwang tao na nakasasapat ang buhay at walang pagkakautang. Ang kasaysayan nila ay salaysay ng isang uring bumagsak sa hagdang panlipunan. Lubos silang naghirap dulot ng mga bagong patakarang pang-ekonomiya tulad ng pagbabayad ng tributo, sapilitang paggawa, sistemang bandala, asyenda, kolonyal na agrikultura at kalakalan.

Noong huling dekada ng dantaon 19, nagkaroon na ng iba't ibang katawagan sa  mga timawa/plebeyo at kalimita'y tinatawag na rin sila ayon sa kanilang hanapbuhay, halimbawa, manggagawa/trabahador, magsasaka/kasamá/sakada o maglulupa. Trabahador sa mga utilidad na pangserbisyo kaugnay ng kolonyal na kalakalan tulad ng manggagawa sa riles ng tren at tagapagpaandar nito; manggagawa ng bangka, ng mga karuwahe at kalesa; kargador sa piyer, bodegero, klerk o eskribyente at tseker sa bahay-kalakalan (pangunahing halimbawa si Bonifacio!), mekaniko, at mga manggagawa sa mga pagawaan. Nagtatrabaho din sila bilang minero, panadero,  sapatero, manggagawa sa destileria, pagawaan ng sabon, soft drinks at gilingan, mangungulti, tsinelero, panday ng ginto at pilak, alahero, relohero at gumagawa ng kubyertos, panday sa bakal, mamamalayok, anluwage o karpintero, manggagawa ng sigarilyo at tabako, pagkain, tela, sumbrero, yelo, mantika, langis at pabango, tinta, suklay at karton, manggagawa sa koprahan at sa pampublikong utilidad tulad ng koryente at tubig, letratista, mekaniko ng bisikleta, tagatahi ng libro sa imprenta (book binders); mang-uukit, sastre, litograper, mananahi ng kulambo at banig, lambat, pintor at pati pagiging alila.[17] Nagkatulad sila sa katayuan ng

---

250.

16 Tingnan ang mga Paliwanag ni Rizal sa Morga, *Mga Pangyayari sa Sangkapuluang Pilipinas,* Blg. 101, 350.

17 Hango ito sa tsart na iprinisinta ni O.D. Corpuz na may titulong "Industrial

mga dating alipin na kunwa'y pinapalaya (o tinitimawa) mula sa pagkaalipin kahit sa pangalan lamang ito totoo. Sa katunayan ay nanatili sila sa maralitang kalagayan. Ang mga nagkandahirap na timawa at dati nang mahirap na alipin ang tinawag na plebeyo ng mga Kastila. Sa namumuong lipunan noon, lahat ng mga hindi kabilang sa uring principalía ay kolektibong tinatawag ng mga Kastila na plebeyo, katumbas ng mababang uri ng mga tao sa kanluran.

Sila ang taumbayan.[18] Sila ang malapad na ibabang bahagi ng lipunang tatsulok na dinadayukdok ng mga panginoong kolonyal at pyudal. Pinagsasamantalahan sila sa pamamagitan ng sanlang-bili, pang-aagaw sa kanilang mga lupain, hindi makatarungang upa sa lupa, madayang hatian sa ani, usura, at pang-aalila ng mga panginoong maylupa, pandaraya sa timbangan at sa pagpepresyo ng kanilang mga produkto. Sila din ang mga pinagkakaitan ng sahod at kung nakakasahod man ay tumatanggap ng busabos na sweldo habang nakabingit ang mga sarili sa panganib sa loob ng pagawaan. Marami din sa kanila ay nagsasarili ng hanapbuhay tulad ng pagtitinda. Maaaring ipalagay na sa ganitong kundisyon naman nanggaling ang katawagang isang-kahig-isang-tuka na kung hindi magtatrabaho at lumiban sa gawain ay tiyak na wala ring ipansasaing.

Ang mga timawa o plebeyo sa Tundo halimbawa, ay mga mangingisda, manghahabi, manggagawa ng hurnuhan, nagtitinda sa palengke, tiangge at tindahang sari-sari. Sa Malabon, marami ang tindera, kantero at ladrilyo, manggagawa ng baldosa at tapayan, manghahabi para sa mga pang-eksport na produkto, gumagawa ng malalaking tipak ng asukal, at gumagawa ng asin. Sa Binondo,

---

Establishments Ranked by Number of Provinces in Which They Operate, 1902". Tingnan sa Onofre D. Corpuz, *An Economic History of the Philippines,* (Lunsod Quezon: University of the Philippine Press, 1997), 172-173.

18 Ganito rin ang pangkalahatang pagturing ni Rosario Cortez sa mga ***cailianes*** ng Pangasinan kung isasalin ang kanyang ***townspeople***. Sila ang mga nagbabayad ng tributo at polista. Ayon kay Marot Nelmida Flores, hindi na ito isang identipikasyong etniko ng mga Iluko sa bagong dispensasyong kolonyal kundi isang uri na mas mababa sa ***anacbanua***. Tingnan sa Marot Nelmida-Flores ang pagdiriin niya ng mga konsepto tungkol sa *cailianes* at *anacbanua*, "Ideolohiyang Anacbanua: Pagtatakda ng Baley/Sentro ng Doxa at Kamalayang Makabansa sa Kasaysayan at Panitikan ng Pangasinan." *Bagong Kasaysayan* (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000), 25. Tingnan din ang Rosario Mendoza-Cortez, *Pangasinan, 1572-1800* (Lunsod Quezon: New Day Publishers, 1991).

mga tindera, panday ng bakal, laluna iyong mga gumagawa ng kanyon, baril, kampana ng simbahan, kaldero at kawa, stirring rod at kandilabra; at mga manggagawa sa pagawaan ng mantika. Panday ng pilak o platero, alahero, relojero, kandilabra, gasera/ ilawan, manlililok, sapatero, sastre, musikero, eskribyente o klerk. Ang iba'y gumagawa ng bangka o nagtatrabaho sa kalakalan sa ilog samantalang ang iba ay nagpipiloto ng barko. [19] Dapat pansinin na mga orihinal na trabaho ito ng mga timawa noong unang panahon! At sila rin ang nagsasalita sa wikang sarili at hindi mga Kastilaloy.

Ang uring principalia ang tumayong panggitnang uri. Mananatili silang may lupang pag-aari bagamat ginigipit din ng mga relihiyoso. Sila ang makakapasok sa kolonyal na burukrasya, tagapagpatupad ng mga kautusan at imposisyon ng mga mananakop. Sila rin ang tagasupil kung kinakailangan. Sila ang dating uring maginoo. Maisasama rin sa pangkat na ito ang mga Mestisong Tsino, Mestisong Kastila, mga maylupa, mga inquilinong tulad ng tatay ni Rizal, aktibong kalahok sa kalakalan, nakakapagpa-aral ng anak sa Maynila at Europa, kung kaya sa uring ito nagmula ang mga ilustradong tulad ni Rizal. Sila ang may-ari ng bahay na bato, at tinatawag na malalaking tao o dakulang tao, aral, may pinag-aralan, may mataas na pinag-aralan at Ilustrado. Sila rin ang kakasangkapanin ng mga Kastila para ipatanggap ang bagong kulturang dala ng mga mananakop. Ito ang gustong sabihin ni Salazar sa sinabi niyang "Sa madalas na pakikipag-ugnay sa mga Kastila, nagsimula sa "bagong gitnang uri", na sasamahan din ng mga mestisong Tsino, ang akulturasyon o pagiging Kastila ng mga ladino, sa loob ng bakurang kolonyal na Kastila. Samantala, sa ibang dako ng kapuluan, magpapatuloy ang dating mga kaayusang sosyo-pulitikal at pang-ekonomiya sa mga lipunang Muslim at Lumad (na kapwa mananatiling tapat sa taal na kalinangan tulad ng nakararami sa labas ng "kolonya.") [20]

---

19 Corpuz, *Economic History,* 125-126.

20 Zeus Salazar sa Nancy Kimuell-Gabriel, "Ang Timawa sa Kasaysayang Pilipino," *Bagong Kasaysayan,* Lathalain Blg. 3, (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1999), 33. Ayon naman kay Norman G. Owen, ang Bikol ay may dalawang saray ng Principalia. May tinatawag siyang ***super-principalia*** na binubuo lamang ng 3-4 na pamilya sa bayang may 10,000 populasyon. Aniya, maliit lamang ito subalit siyang magiging pinakamakapangyarihan sa lipunan at pagdaka'y sa pulitika. Mga 10 porsyento naman ang pangalawang saray na tinatawag lamang niyang ***principalia***, may seguridad sa kabuhayan, may kaunting katayuan sa lipunan subalit wala talagang impluwensya o ambisyon lampas pa sa kanilang bayan. Tingnan ang "The Principalia in Philippine History: Kabikolan, 1790-1898,"

Ang mga Kastila (sibil at relihiyoso) ang umuokupa ng pinakamataas na pwesto sa hagdang panlipunan, ang naghaharing-uri. Sila ang mga enkomendero at pagdaka, mga asendero. Pag-aari nila ang pinakamalalawak na lupain. Sa kanila nagbubuwis. Sila ang pinuno ng burukrasyang kolonyal. Sila ang gumagawa ng batas, nagpapasya sa buhay at direksyon ng kolonya. Sila ang naggagawad ng parusa sa mga lumalaban. Sila ang nagsasamantala at nang-aapi. Kultura nila ang pinalalaganap sa kolonya. Relihiyon nila ang nag-iisang relihiyong itinataguyod ng estadong kolonyal. Labas dito'y likha na ng dimonyo.

Sa lipunan natin noong ika-19 na dantaon, hindi pa ginagamit ang mga kategoryang lower middle class o lower petty bourgeoisie o mababang panggitnang uri. Sa mata ng mga Pilipino noon, nahahati lamang sa dalawa ang lipunang Pilipino, sa malaking tao o dakulang tao o mayaman at sa maliit o sadit na tao o mahihirap. Hanggang dekada 60 ng ika-20 dantaon, sinasabi ng mga sosyolohista na masyado pang mabuway o wala pa halos nabubuong middle class. Ang nakita nilang tunguhin ay sumasanib sa itaas o nalulusaw patungo sa ibabang uri ang tinatawag na middle class na tumutukoy pa sa mga nasa sentrong urban at kalimita'y edukasyon ang pinagmumulan ng mobilidad mula sa ibaba. Ani Frank Lynch, wala pa talagang matibay na batayan ang pagkakaroon ng panggitnang uri sa sentrong urban.[21]

Sa huling bahagi ng dekada 60 at pagpasok ng dekada 70, lumakas ang aktibismong estudyante at humantong ito sa isang seryosong proyekto ng pagrerebolusyon. Dahil maraming kailangang ipaliwanag sa kasaysayan at bahagi ng pagnanais na maintindihan ang lipunang ginagalawan, lumabas ang Philippine Society and Revolution na nagpapaliwanag sa kalikasan at galaw ng mga uring panlipunan. Dito lumitaw ang paggamit sa mga kategoryang Marxista tulad ng burgesya, at iba't ibang saray nito tulad ng komprador-burgesya, pambansang burgesya at peti-burgesya, proletaryado, mala-proletaryado at lumpen proletariado.[22] Dito rin mailulugar ngayon kung bakit ang mga

---

*Philippine Studies* Tomo 22 (1974): 323-324.

21 Frank Lynch, "Trends Report of Studies in Social Stratification and Social Mobility in the Philippines, 1963." *East Asian Cultural Studies*. (Tokyo: The Centre for East Asian Cultural Studies, 1963).

22 Amado Guerrero, Philippine Society and Revolution (PSR), Ika-6 na limbag. Philippines; Aklat ng Bayan, Inc. 2006. Unang limbag, 1970, 132-155.

nagsusulat ng kasaysayan mula dekada 70 ay maiiba na ang lente sa uring pinagmulan ni Gat Andres at tuluy-tuloy nang gagamitin ang mababang peti-burgesya o lower middle class at urban proletariat bilang mas masinsing pagtasa nila sa katayuan at pampulitikang paninindigan ni Bonifacio.

**Gremio: ang binhi ng unyon sa Pilipinas**

Ang mga manggagawa sa Pilipinas na nagpapatungkol sa mga manggagawang sahuran na nakatipon sa mga pagawaan o pabrika, ay unang sisibol sa bansa sa bandang ikalawang hati ng dantaon 19, nang maitayo ang unang mga pagawaan sa Pilipinas. Naroroon sila sa mga pabrika ng tabako at sigarilyo, daambakal, daungan, asukarera, mga gawaan ng lubid, alak, sigarliyo at tela; mga imprenta, establisyamentong komersyal, pandayan at bodega.[23] Ang mga unang welga nila ay para sa pagpapataas ng mababang sahod, pagbawas ng mahahabang oras-paggawa at mataas na buwis. Ayon kay Camagay, tinatantiyang may 20,000 mga manggagawa ang nasa industriya ng tabako at ito rin ang pinakamalaking employer ng kababaihang manggagawa noon bilang mga cigarreras. Maliban dito, nagtatrabaho din ang mga babae bilang maestra, comadrona, bordadera at sinamayera, tindera, criada, buyera, lechera, mananahi, lavandera, kusinera, at servidora.

Ang unang mga samahan ng mga manggagawa ay tinatawag na gremio simula noong 1851. Itinayo sa arsenal at daungan ng Cavite ang unang gremio, sumunod na nagkaroon sa palimbagan, pagawaan ng tabako at iba pang mga linya ng hanapbuhay.  Ang pangunahing layunin ng gremio ay mutual na pagtutulungan at pagdadamayan. Ang mga tanyag na samahan noon ay ang Gremio de Obreros de Sampaloc, Gremio de Escultores del Barrio de Sta. Cruz, Gremio de Carpinteros at Gremio de Impresores y Litograficos, Gremio de Tipografos y Encuadernadores at meron ding Gremio de Artistas de Teatro o ang samahan ng mga manggagawa sa teatro.[24] Ito ang pagsisimulan ng mga unyon. Kalimitang isinusulong ng mga manggagawa noon ang mas mataas na sahod at makataong kundisyon sa trabaho at lumalaban sa mga abuso ng mga namamahala.

---

23 Constantino, 191.

24 "La Fiesta del trabajo," *La Democracia,* Abril 29, 1903; Elias. T. Ramos, *Philippine Labor Movement in Transition,* (Quezon City: New Day Publishers, 1976), 15.

Sa Europa, ang mga gremio ay naitatag na noon pang ika-6 hanggang 13 siglo. Samahan ito ng mga nagtatrabaho sa isang uri ng hanapbuhay at naninirahan sa parehong kalye sa isang syudad. Pumipili ng santong patron ang bawat gremio, kadalasan, mga patrong kapareho ng kanilang trabaho at bawat gremio ay kinakailangang gumawa ng bandera na nakatatak ang santong patron ng kanilang samahan. Dahil dito, ang mga gremio ay kilala rin sa taguring "bandeiras." Nang umunlad ang kalakalan sa ika-15 dantaon, ang mga gremio ay mas nagkaanyong samahan tulad ng lokal na konseho, gubyerno at probinsiya.[25]

Sa Tundo halimbawa, may mga samahan o gremio na pangmestisong Tsino -- ang Gremio de Mestizos, at pangkatutubo -- Gremio de Naturales. Inihahalal ng bawat gremyo ang kanilang gobernadorcillo. Ang gobernadorcillo ang namamahala sa mga cabeza de barangay na nangangasiwa naman ng humigit-kumulang 50 pamilya. Ang pangunahing tungkulin nila ay pangongolekta ng tributo.[26]

Noong 1872, nag-alsa ang mga manggagawa sa gawaan ng barko at arsenal sa Puerto San Felipe, Cavite para iprotesta ang pagbawi sa mga pribelehiyong tinatamasa ng mga manggagawa sa ilalim ni Gov. dela Torre. Nang halinhan ito ni Gov. Izquierdo, isa-isa nitong binawi ang mga dati na nilang tinatamasa tulad ng eksemsyon sa pagbabayad ng buwis.

Nagwelga ang mga manggagawa dito noong gabi ng Enero 20, 1872 at humiling sila ng dagdag na sahod, maayos na kundisyon sa paggawa at pagbabalik ng mga tinanggal na pribelehiyo. Tahasan din itong pagtutol sa pagpapawalambisa ng mga liberal na patakaran na ipinatupad ng nagdaang gobernador na si dela Torre. Binuwag ng mga Kastila ang welga subalit lumaban ang mga manggagawa. Marami sa kanila ang nasugatan, napatay, nabilanggo at ipinatapon. Nag-iwan ang pangyayaring ito ng malalim na pagkasuklam sa mga Kastila maging sa hanay ng mga maykayang Pilipino. Marami rin ang nahintakutan. "Ang samahang Gremios na naitatag noong 1861 ay nabuwag bunga ng pangyayari sa Puerto. Ito ang masasabing kauna-unahang pag-aaklas ng mga manggagawa laban sa pagmamalabis ng mga Kastila na naitala sa

25 http://dictionary.reference.com/browse/gremio. Nobyembre 4, 2013.

26 Camagay, 13.

kasaysayan."[27] Iniugnay rin dito at pinalabas na utak ng pag-aalsa ang GOMBURZA at ginamit na dahilan para sila ay ipadakip at patayin sa pamamagitan ng garote noong Pebrero 17, 1872.

Noong 1893, isang pang welga ang naganap sa palimbagan ng El Heraldo Militar ng pamahalaan sa Escolta, Maynila. At indikasyon ng lumalakas na pagkakaisa ng kababaihan, naitatag din sa taong ito ang Logia de Adopcion, isang yunit ng mason na binubuo ng kababaihan.[28]

**Ang Katipunan bilang samahan ng mga plebeyo/timawa o mga tunay na anak ng bayan**

Halu-halo ang nasa saray na ito tulad ng mga hanapbuhay ng mga tagapagtatag ng Katipunan – bodegero, bangkero, sastre, kutsero, empleyado sa korte, kawani sa korte, may nagsasariling hanapbuhay tulad ng tindahan at pwesto sa palengke, at marami pang iba. Maaaring ang iba ay mas nakasasapat ang kabuhayan, malamang na may kaunting nagigipit, at ang iba naman ay kapus na kapos sa buhay, subalit ang tiyak, hindi sila matatawag na panggitnang uri o mga principalia noon. Ito sa tingin ko ang konteksto ni Agoncillo, nang kanyang binyagan si Bonifacio na Dakilang Plebeyo at ang KKK bilang plebeian society.[29] At ang isa pang tiyak, hindi Kastilaloy ang kabuuan nila, sila ang nagsasalita sa wika ng bayan. Sa uring ito nabibilang si Bonifacio.

Nabuhay si Bonifacio sa Tundo at Binondo, ang sentro ng kalakalan at industriya, lipunan at kultura, sa panahong sumisilang pa lang ang uring manggagawa sa Pilipinas at nag-uumpisang magtayo ang mga Pilipino ng mga lihim na samahan ng pagdadamayan at pagtutulungan na tinatawag na mga gremio. Nakita nila ang hirap ng buhay ng mga Pilipino, ang panlilinlang at paninikil, ang pang-

---

27 Dante Guevarra, *Manggagawa sa Kasaysayan,* (Maynila:Rex Bookstore, 1995), 24.

28 Mandy E. Felicia, ed.. *Gabay sa Tunay na Unyonismo* ( Quezon City: EILER Publications, 1995), 193-194.

29 Subalit ayon kay Milagros Guerrero, hindi makatwirang pagbabansag dahil maari aniyang mapagkamalang gawain o proyekto lamang ito ng mga mahihirap. Ayon kay Guerrero, magkakasama ang mahirap at mayaman, ang may pinag-aralan at kulang sa pinag-aralan sa natatanging pagkakataong ito ng pagwasak sa gulugod ng kolonyalismong Espanyol,. Tingnan ang Guerrero, Milagros. *Kasaysayan: The Story of the Filipino People*. Bol. 5 *Reform and Revolution,* ( Hong Kong: Asia Publishing Co. & Readers Digest, 1998), 151. Gayunman, masasabing ang pinakamalapad na kalahok sa himagsikang ito ay mga timawa/plebeyo o sadit na tao.

aagaw ng lupain na dapat ay para sa mga Pilipino, at nasasaksihan nila ang kalupitan at kabastusan ng mga prayle.

Subalit hindi pa noon nag-iisip ang mga manggagawa ng para sa kaligtasan ng sariling uri. Ang tiyak na malinaw, nag-iisip at naggigiit sila bilang mga Tagalog o Pilipino na gustong ibagsak ang dayuhang kapangyarihan, magbuo ng sariling pamahalaan, at ipaglaban ang tunay na Inangbayan, ang Inang Katagalugan.

Mga plebeyo ang karamihang tumugon sa Katipunan-manggagawa sa imprenta at tabako, bangkero, kutsero, sastre at mananahi, maninindа, may maliliit na sariling hanapbuhay, maliliit na empleyado, klerk at escribano sa korte, empleyado sa gubyerno at sa pribadong bahay-kalakal, grabador, panday, mga magsasaka, kasamá at manggagawang bukid kung sa kanayunan, mangingisda at tagasisid ng perlas, artista sa teatro, kutsero at marami pang iba. Ganito ang mga katayuan sa buhay ng mga nagpasimula ng Katipunan. Si Ladislao Diwa ay curial de juzgado[30] (maaaring higit na mayaman ang pamilya ni Diwa dahil nakapag-aral pa siya ng pagpapari sa loob ng 14 na taon bagamat hindi naordenahan). Eskribyente o klerk (official de mesa) sa Korte ng Binondo si Teodoro Plata at naging escribano noong 1894 sa Korte ng Mindoro.[31] Si Deodato Arellano ay katulong na eskribyente/klerk sa Military's Artillery Corps.[32] Bookkeeper ang ama ni Emilio Jacinto na bagamat tinatawag na Don Mariano Jacinto noon ay dumanas din ng kahirapan. Nag-aaral si Jacinto ng abogasya nang sumanib siya sa Katipunan noong 1894.[33] Si Jose Dizon na tiyo ni Jacinto ay isang grabador (engraver).[34] Panday naman si Francisco Carreon, na pinsan din ni Jacinto.[35] Kasamahan ni Bonifacio si Restituto Javier sa Fressel & Co.[36] Kapatas si Apolonio dela Cruz sa Diario de Manila.[37] Si Aguedo del Rosario ay tagatahi ng libro sa limbagan.[38] Mahirap din ang uring pinagmulan ni Feliciano Jocson subalit nagsikap siyang mabuti

---

30 Guerrero, *Kasaysayan*, 151. at *Filipinos in History*, Tomo 1, (Maynila: National Historical Institute, 1996) Tomo 1, 165-166.

31 Guererro, p. 151 at *Filipinos,* Tomo 2, 111-112.

32 *Filipinos*, Tomo 3, 25-27.

33 Ibid., Tomo. 1, 245-247.

34 Ibid,, Tomo 4, 102-104.

35 Ibid., 45-48.

36 Ibid., Tomo 1, 248-250.

37 Ibid., Tomo 4, 77-79.

38 Constantino, 167.

hanggang makatapos at maging isang guro at parmasyotiko.[39] Klerk si Braulio Rivera at ang ama niya ay empleyado sa Kumpanya ng Monopolyo ng Tabako.[40] Mananahi si Luciano San Miguel bago naging inspektor sa asyenda ni Pedro Roxas sa Nasugbu, Batangas.[41]

Nagtatanim ng tabako ang pamilya ni Artemio Ricarte sa Batac, Ilokos Norte at nang siya ay makatapos ay naging guro sa Cavite.[42] Si Candido Iban ay anak ng magsasaka at si Candido mismo ay naging manggagawang-bukid sa asyenda ng asukal sa Negros. Kasama si Francisco del Castillo, nagtrabaho sila bilang mangingisda at tagasisid ng perlas sa Australia. Nakababatang kapatid ni Candido si Benito na isang rin sa tagaumpisang organisador ng Katipunan sa Panay.[43] Si Guillermo Masangkay ay isang bangkero at walang pormal na edukasyon subalit mahilig magbasa ng aklat.[44] At si Macario Sakay ay isang sastre sa Tundo, nag-aprentis sa pagawaan ng kalesa at pana-panahong lumalabas sa tanghalan. [45] Isang panday mula sa Palomar (lugar ng Tutuban, Divisoria ngayon) si Isaac del Carmen, isa sa mga pangunahing tagagawa ng bolo na Katipunan.[46] Sila ang mga plebeyo/timawa/ sadit na tao-- na nagkaisang-loob para ibagsak ang mga Kastila, labanan ang pang-aalipusta at pang-aapi at kamtin ang kalayaan at kaginhawahan ng bayan.

**Ang kamalayang pangkalinangan ng Dakilang Anak ng Bayan**

Si Dr. Salazar, na laging nagbibigay-diin sa kabuuang pangkalinangan bilang pook ng mga kaganapan ay naghain naman ng ganitong paliwanag: "Bagamat may mga naglalagay kay Bonifacio sa di-umano'y gitnang uri, klarong nakapaloob siya sa kategoryang indios. Nakakaugnay man niya ang ilang principalia, ang ugnayang ito ay sa loob ng wika at kalinangang Tagalog. Nakapasok siya sa wika at kalinangan ng bayan, sa kabila ng dugong Kastila, sa panig ng ina." [47] Mapapansin nga na kailanman ay hindi tinawag ni

39 Ibid., 156-159.

40 Ibid., 277-278.

41 Ibid., 301-304..

42 Ibid., Tomo 2, 149-151.

43 Filipinos., Tomo 3, 82 at Tomo 5,178-180.

44 Ibid., Tomo 3, 175-176.

45 Ibid., Tomo 4, 290-294.

46 Soledad Borromeo-Buehler, *The Cry of Balintawak a Contrived Controversy*, (Quezon City: ADMU Press, 1998), 33.

47 Zeus A. Salazar, "Sina Gat Andres Bonifacio at Dr. José Rizal bilang Pilipino sa Katapusan ng Kolonyalismong Kastila: Isang Sosyo-kultural na Paghahambing," Panayam, Zeus A. Salazar Ika-3ng BAKAS-UPLIKAS Sampaksaan ukol kay Jose

Bonifacio ang sarili na plebeyo, tanda ng hindi pagsuko at pagpapaangkin sa kaisipan ng mga Kastila. Binansagan siya ng ganito, pero hindi niya inangkin. Wala siyang itinawag sa sarili kundi Tagalog at tunay na anak ng bayan. At ang Inang Bayan o Katagalugan ang kinabibilangang pampulitika at pangkalinangang kabuuan. Baka nga napapanahon nang baguhin ang bansag na Dakilang Plebeyo kay Gat Andres at simulan na siyang tawaging ang Dakilang Anak ng Bayan.

Kahit hindi nakapag-aral nang matagal sa pormal na paaralan, palabasa at palaisip si Bonifacio. Marunong na siya ng Kastila at nakapagbabasa ng aklat na Kastila kahit noong natigil na ang kanyang pag-aaral.[48] At bagamat karamihan sa mga aklat na binabasa niya ay nasa Kastila, nakikipag-usap siya sa wika ng bayan. Nagsusulat siya ng tula at komunikasyon sa Tagalog, gumagamit ng mga anyo ng panitikang bayan, at nagtakda ng panuntunan sa mga Katipunero na sa Tagalog lamang sila mag-uusap at magsusulat.

Ang mahigpit na palakad ng Katipunan na ang sinuman ay hindi maaaring magsalita ng ibang wika kundi Tagalog lamang sa alinmang pagtatalo, usapan o padalahang sulat at patalastas ay siyang lalong nakatulong upang matuto agad na sumulat at magsalita ng dalisay na Tagalog si Emilio Jacinto na dati'y garil na garil sa pagsasalita ng Tagalog dahil sa pagkabihasang magsalita ng Kastila. Naging palakad ng Katipunan na ang magsasalita ng Kastila sa kanilang mga pagtatalo ay minumultahan ng labing-anim na kuarta (katimbang ng sampung sentimos ngayon—presyong 1935).[49]

Ayon kay Guillermo Masangkay, "Ang kanyang pagsulat sa Tagalog ay nag-ugat nang siya'y sumapi sa samahan sa moro-moro at nang itatag niya ang Teatro El Porvenir sa Palomar noong 1887. Siya at si Guillermo Masangkay ay di mamakailang gumanap ng papel sa moro-morong itinanghal doon. Ang pagpapalabas ng

---

Rizal, U.P. Diliman, NISMED, 28 ng Setyembre 2009.

48 Santos, 2-3. Patunay ang mga binabasa niya noon na nakasalansan sa kanyang maliit na aklatan: *Vida delos Presidentes de los Estados Unidos; Les miserables, Historia dela Revolucion Farncesca; La Solidaridad; Noli Me Tangere at El Filibusterismo ni Rizal; Derecho Internacional; Codigo Civil, Codigo Penal; Ruinas de Palmira; La Religion Al Alcance de Todos; Biblia; Los Miserables at Judio Errante* at marami pang ibang aklat at nobela na kilalang mangangatha sa Europa at mag-amang Alejandro Dumas. Ayon diumano kay Valenzuela, Ang Judio Errante ni Eugenio Sue ang paboritong basahin ni Andres.

49 Santos, 13.

moro-moro ay binago ni Don Andres: halimbawa, ang mga bundok sa Bernardo Carpio ay kinapitan niya ng pangalang Tagalog."[50]

Buo ang pagkaTagalog/Pilipino ni Gat Andres at ito ang naging sandata niya para manindigan laban sa pag-uurong-sulong ng mayayaman at sa repormistang tunguhin ng mga ito, halimbawa, "Nang isang araw, siya ay ipinatawag ng kanyang Logia Taliba, isang masoneria, kung saan siya kasapi, at siya'y hinikayat na itigil ang Katipunan dahil tutol ito sa marahas na paraan ng pakikipaglaban sa kalupitan ng mga Kastila.

Kawalan ng baril, kanyon, sandata at salapi na kailangan sa paghihimagsik ay wala ang Katipunan at kung mapipilan ang paghihimagsik ay siyang lalong magdudulot ng kasawian ng bayan. Hindi umimik si Bonifacio, kinuha ang kanyang sambalilo at sabay ang pagsasalitang 'Diyan na kayo, puro kayo wikang kastila.'"[51]

Nang mabatid niya na salungat si Rizal sa himagsikan at ang ibig ay "makamtan sa pamamagitan ng karunungan at kadakilaang asal muna ng kanyang mga kalahi, bago isipin ang ibang paraan, at kinakailangan muna ng armas at suporta ng mayayaman, sinabi niya ang ganito, "At saang aklat nabasa ni Rizal na bago maghimagsik ay kailangang magkaroon muna ng sandata at salapi?"[52]

Sinikap niyang ipaliwanag ang mga ideya niya para yakapin ng bawat Pilipino ang pakikidigma, batay sa taal na ideyang Pilipino: katwiran, katimawaan/kalayaan, kaginhawahan, kapurihang-loob at ng lahi, kabanalang-gawa.[53]

Ang pakay ng Katipunan ay "pagsama-samahin ang kalooban ng mga Tagalog/Pilipino sa isang layunin, upang ang pagkakaisang ito'y makawasak sa kapangyarihan ng Espanya sa Pilipinas at ang bayan ay magsarili sa kanyang kapangyarihan." Nagmumula ito sa

---

50 Guillermo Masangkay, Document J Transcript, 11 Oktubre 1947. The Agoncillo Interview Documents, nasa Soledad Borromeo-Buehler, T*he Cry of Balintawak A Contived Controversy* (Quezon City: ADMU Press, 1998), 186.

51 Cruz, 30.

52 Cruz, 31.

53 Para sa mas malalim na pagtalakay, basahin ang Zeus A. Salazar, "Ang Real ni Bonifacio Bilang Teknikang Militar sa Kasaysayan ng Pilipinas," *Bagong Kasaysayan* Lathalain Blg. 1, (Lunsod Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan, 1997). *Wika ng Himagsikan, Lenggwahe ng Rebolusyon: Mga Suliranin ng Pagpapakahulugan sa Pagbubuo ng Bansa*, Pebrero 1998; Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan, Bakas Lathalain blg. 6, 1999.

kabatirang may sarili tayong tunay na Inang bayan, ito ang Inang Katagalugan. Kailangang lamang balikan ang "Ang Dapat Mabatid ng Mga Tagalog, Pag-ibig sa Tinubuang Bayan, Katipunan Mararahas ng mga Anak ng Bayan" at Kartilya ng Katipunan para masapul na ang adhika ng Katipunan ay: Kalayaan mula sa pananakop ng Kastila, mula sa kalupitan, kahirapan, kataksilan, kaalipustaan at kaalipinan. Ang pagkatimawa ng mga alipin ang kailangang gawin ng mga Tagalog. Sa pagkatimawa ay nangangahulugan ng paglaya, sa taal at positibong kahulugan ng salita. Ang katimawaan ang taal na dalumat ng kalayaang ipinaglalaban ng mga anak ng bayan. Katumbas din ito ng kaligtasan, kaginhawahan at kapayapaan.[54]

Ang kanya'y isang madamdaming pag-ugnay sa kalooban ng mga kababayan: "Panahon na upang ipakilala natin na tayo ay may sariling pagdaramdam, may puri, may hiya at pagdadamayan".[55] … Kalayaan ng ating Bayang tinubuan na siyang magbibigay ng buong kaginhawahan at magbabangon ng kapurihan na inilugmok ng kaalipinan sa hukay ng kadustaang walang katulad.[56] At sa kabila ng pag-uurong-sulong ng mayayaman para wakasan ang kaalipinan, hindi natigatig si Gat Andres, sumulong ang pag-oorganisa, lumawak ang kilusang lihim. At ang kalupitan na rin at paghamak sa mga Pilipino ang nagpasigla ng pagsapi ng taumbayan sa Katipunan.[57]

Ayon kay Salazar, "Sa simula't sapul, mapaghimagsik ang naging tunguhin ni Bonifacio. Bahagi ang kanyang pagkilos ng mga Dantaunang pagkilos ng mga Bayan ng Kapilipinuhan. Tahasang naitatag ang Kolonyalismong Espanyol nang mabigo ang Sabwatan sa Tundo noong 1589. Naging tugon dito ang Himagsikang 1896."[58] Bagamat matagal ang inabot, isa itong uri ng pagkahinog ng mga problema sa lipunan na rumurok sa pagkakagising ng mga anak ng bayan na nagbuklod-buklod para iligtas ang Inangbayan (hindi Patria Adorada) na tinawag na Inang Katagalugan. Sa katagalugan, nangangahulugan ng lahat ng tumubo sa bayang ito, mapaIlokano man, Kapampangan o Bisaya. Pagpapakita ito lalo na nakaugat pa rin sa taal na kabuuan at pagtakwil sa Kastilang direksyon ng nacion at republica ng mga hispanisadong akibista sa mga panahong iyon.

---

54 Para sa mas kumprehensibong pagtalakay, tingnan ang Nancy Kimuell-Gabriel, *Timawa: Kahulugan, Kasaysayan at Kabuluhan sa Lipunang Pilipino* (UP Diliman , Tesis Masteral, 2001).

55 Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog sa Santos,7.

56 Katipunan Mararahas ng mga Anak ng Bayan sa Santos, 22.

57 Cruz, 34.

58 Salazar, panayam, 2009.

Ang konsepto niya ng alternatibang ititindig na pamahalaan ay Haring Bayang Katagalugan, hindi Republica ng Filipinas.[59]

Para kay Salazar, hindi sapat na sabihing galing o hindi galing sa masa si Bonifacio. At kahit magkakasama pa ang mayaman o mahirap sa himagsikan sa proyektong ito ng pagliligtas sa Inang Bayan, ang kailangang higit na salungguhitan ay ang pagkakaiba ng kalinangang nakapaloob sa at ipinahihiwatig ng kaisipang KKK kung ihahambing sa repormismo ng mga nakaririwasang uri na nakakabit sa ideyolohiyang kanluranin. Ang magbibigay ng kaibahan para sa kanya ay ang ideyolohiya ng KKK na nakabatay sa taal na dalumat ng kalayaan o katimawaan, katwiran, pagkakapantay-pantay, pagkatao at loob, kaginhawahan, pag-ibig sa kapwa.[60]

Pagkatapos ni Bonifacio: Ang Kilusang Unyon at Welga hanggang Unang pagdiriwang ng Mayo Uno, 1903

Noong Marso 6, 1899 naitala ang sinasabing kauna-unahang welga sa ilalim ng bagong malayang republika sa isang imprentang pag-aari ng pamahalaan sa San Fernando, Pampanga. Pinangunahan ito ng Gremio de Impresores na mariing tumutol sa pang-aabuso ng kapatas, at humiling ng mas mataas na sahod.

Si Antonio Luna mismo ang umayos sa gusot na ito sa pagsasabing

> "Tayo ay tunay na para sa karangalan, kalayaan at kasaganaan ng mamamayang Pilipino. Wala akong makitang dahilan upang hindi natin ipagkaloob ang kahilingan ng mga nagsisipagwelga kung tayo ay para sa ikauunlad ng manggagawang Pilipino. Ang pangunahing dapat ipagmalasakit ng pamahalaang Pilipino ay ipagtanggol at bigyang kasaganaan ang mga Pilipino." [61]

Bunga ng pagkilos na ito, itinaas ng 25% ang sahod ng mga manggagawa. Ang pangyayaring ito'y nagtulak sa mga manggagawa na magtayo ng mga samahan para sa mutual na kapakinabangan at pagdadamayan. Nang lumaon, natutunan nilang bumuo ng

59 Salazar, Wika ng Himagsikan.

60 Salazar, Kartilya, 35-80.

61 Guevarra , 27 at *Communism in the Philippines: The PKP Book 1*, (Quezon City: Partido Komunista ng Pilipinas, 1996), 37.

unyon. Ang unyon ay organisasyon ng mga manggagawa para sa pakikipaglaban nila sa mataas na sahod, makataong kundisyon sa paggawa, proteksyon ng batas, pagpapaikli ng mahabang oras ng paggawa at iba pang makakapagpabuti ng kalagayan ng mga manggagawa. Ang union din ang namumuno sa mga pagkilos ng manggagawa tulad ng welga.

Nang sakupin tayo ng Amerika, pumasok din ang dayuhang pamumuhunan at nabuksan ang maraming pagawaan. Nag-empleyo ito ng libu-libong manggagawa na gumagawa nang mahabang oras at tumatanggap ng kalasbutong-sahod.

Pumasok ang Procter and Gamble, Manila Hemp, Manila Railroad Co., Mindoro Sugar Co., Manila Times, at marami pang ibang negosyo sa linya ng koprahan, lagarian (sawmill), repeneriya, pagawaan ng de-lata, alak, alkohol, damit at kasuotan, asukarera, abaka, minahan, awtomobil, tubig, kuryente, pagbabarko, komunikasyon. Lumubha ang suliranin sa di makataong kundisyon sa paggawa, mahabang oras ng pagtatrabaho, kawalan ng proteksyon sa mga batang manggagawa at kababaihan, mababang sweldo. Hindi nawalan ng loob ang mga manggagawa na mag-organisa para sa kanilang kapakanan.

Itinayo ng mga manggagawa sa limbagan ang Union Impresores (Hunyo, 1901) na naging Union Impresores de Filipinas (UIDF) noong Disyembre 30, 1901. Kabilang sa mga pangunahing tagapagtatag nito ang mga kilalang lider sa kilusang paggawa na sina Arturo Soriano, Melanio de Jesus, Luis Santos, Juan Geronimo, Timoteo Anzures, Hermenegildo Cruz (na naging assistant director sa Bureau of Labor noong 1918-1922; at director noong 1922-1935) Leopoldo Soriano, Nazario Pasicolan, at Margarita Pasamola.

Si Pasamola ay isa sa apat na babaeng naging kasapi ng unyon, at sila ang masasabing unang unyonistang kababaihan sa Pilipinas. Ang tatlo pang iba ay sina Celerina dela Cruz, Antonina Zamora at Fausta Bernaldo.[62] Sa pulong na ito, ibinandila nila ang islogang "ang mga manggagawa rin ang magpapalaya sa uring manggagawa."[63]

---

62 *PKP Book 1*, 44.

63 *PKP Book 1*, 44; salin sa Filipino ni Felicia, GTU, 202.

Subalit batid nila noon na kailangang organisahin ang mga manggagawa hindi lang sa imprenta, kung kaya itinatag nina Isabelo delos Reyes (kilala ring Don Belong) at Hermenegildo Cruz ang Union Obrero Democratica noong Peb.2, 1902. Dumalo sa Kongreso nito ang 200 delegado at 300 mula sa UIF at 14 na gremio kasama ang gremio ng mga gumagawa ng abano (havana cigar o tabako/ sigaro), karpintero, kusinero, manlilimbag, litograpo, sastre. sapatero, marinero at iba pang anakpawis.[64] Itinatag ito sa Cine Variadades sa Sampaloc, Maynila Nahalal si Don Belong bilang Pangulo samantalang Pangalawang Pangulo si Cruz.[65] Si Don Belong, na isang mahigpit na kumakalaban din noon sa pamahalaang Kastila sa pamamagitan ng kanyang mga panulat, ay ipinatapon sa Espanya at sa kanyang muling pagbabalik, makikipag-ugnayan siya sa mga líder manggagawa tulad nila Cruz, na beterano rin ng welga noong 1899.

Kumilos ang UOD, bilang sentro ng mga samahang nagbuklud-buklod at nakikipagtulungan upang maitaguyod ang edukasyon ng mga mangggagawa at mapagkalooban sila ng mga benepisyo kung may magkasakit o mamatay. Humiling din ang UOD ng mas mataas na sahod at nagdaos ng maraming welga para sa ganitong layunin. Nagsipagwelga ang mga tagahabi ng abaka, manlilimbag at gumagawa ng abano. Sumumpa din ang mga kasapi na magpupunyagi para sa kalayaan ng bansa mula sa kolonyalismong US. Nakapaglunsad ang UOD ng mga koordinadong welga para sa mas mataas na sahod at isa sa mga welgang ito ang naging dahilan para muling hulihin at ibilanggo si Don Belong nang dalawang buwan.[66] Ang welgang ito ay nangyari sa German Commercial Factory noong Agosto 15, 1902. Ayon kay Ramos, Agosto 29, 1902 naman siya hinatulan ng apat na buwang pagkabilanggo.[67] Binansagang "anarkista" at "subersibo" ang UOD at sinupil ng mga Amerikano ang welga. Pinatawad ni Gov. Taft si Don Belong at nang makalabas sa bilangguan, nagretiro na siya mula sa kilusang paggawa at naging aktibo naman sa Iglesia Filipina Independiente.

Sa kabila ng nangyari, hindi pinanghinaan ng loob ang mga manggagawa. Nagpatuloy ang paglaki ng pederasyon. Katunayan,

---

64 *PKP Book 1*, 44

65 Felicia, 202.

66 Constantino, 429.

67 Ramos, 44.

sa pagdiriwang nila ng kanilang unang anibersaryo noong Pebrero 2, 1903, umabot na sa 150 ang kasaping unyon na may 20,000 indibidwal na kasapian. Nireorganisa nila ang UOD bilang Union Obrera Democratica de Filipinas (UODF) at naghalal ng bagong kasapian noong 1903. Si Dr. Dominador Gomez ang naging pangulo nito at si Hermenegildo Cruz pa rin ang pangalawang pangulo.[68] Isinulong pa rin nito ang panawagan para sa kalayaan ng bayan mula sa imperyalistang Amerikano habang nakasusog ang mga kahilingan para sa pagkakaroon ng kooperatiba, pagtatayo ng mga paaralang bokasyunal at pabahay para sa mga manggagawa.[69]

Ikinasa ng UODF ang kampanya para sa pagpapaigsi ng oras ng paggawa sa walong oras lamang. Ito rin ang kauna-unahang internasyunal na panawagan na sumusuporta sa kilusang paggawa sa buong daigdig na paiksiin ang oras ng trabaho ng mga manggagawa na umaabot pa kung minsan ng 10-16 na oras. Gayundin, ikinampanya ring ideklara ang Mayo Uno bilang Araw ng Pista ng Paggawa.

Noong Abril 29, 1903 nakaanunsyo sa La Democracia, isang pahayagang nasa Kastila ang magiging takbo ng programa ng kauna-unahang pagdiriwang ng "La fiesta del trabaho:"

> 6 n.u. - pa lang ng umaga, magpapatugtog na ng banda sa lahat ng arrabales (o karatig- pook ng Maynila);
>
> 9 n.u.-12 nt - Magtitipun-tipon ang mga gremio, komite, asosasyon sa Teatro Nacional
>
> 2 n.h. – lahat ng gremio, asosasyon, agrupasyon, lahat ng sasakyan at banderas ay maghihintay sa pangulo ng Union Obrera sa Plaza Binondo at sila ay tutungo sa Murallos at babagtasin ang Kalye ng San Fernando para salubungin doon ang mga asosasyon galing ng Kabite;
>
> 3 n.h. – Magtutungo sila mula Kalye Sa Fernando, Plaza De Binondo, Kalye Rosario, Escolta, Plaza de Goiti, Echague, San Miguel, pagkatapos, sa Malakanyang para magbigay ng pagbati at mensahe sa Gobernador. Aawitin doon ang Marcha Filipina at Himno Americano. Sa kalagitnaan ng awit,

68 Felicia, 203.
69 *PKP, Book 1*, 45.

itataas ang bandila ng Amerika bilang pagbibigay-galang/ dangal dito habang palilibutan naman ito ng mga bandila ng mga Departamento, Gremios at mga komite.

4 n.h.- Aalis sila mula sa Malakanyang at babagtasin ang mga Kalye Rafael, Puente Marquez, Plaza Sta. Ana, Alix, Rotonda, Sampaloc, Sta. Mesa hanggang sa Hipoddromo o Karerahan ng kabayo (sa Sta. Mesa, malapit sa PUP ngayon) kung saan sila magtatapos.

4:30 n.h.- Magpapakita naman ng katangi-tangi o ekstraordinaryong karera ang Sta. Mesa Club, bilang regalo sa mga manggagawa na nagdiriwang ng pista ng paggawa sa Pilipinas.

7:00 n.g. – Muling magtatagpo ang mga asosasyon mula sa probinsya sa Teatro Nacional para maghapunan;

8:00 n.g. –magkakaroon ng pangkulturang pagtatanghal, pagbasa ng pampanitikang akda, pag-awit, instrumental na musika, komika o pagpapatawa, madamdaming pagbigkas ng tatlong pahayag nina Bb. Dolores Rodriguez (Kastila), Alberta Salvater (Tagalog) at ng Pangulo ng Union Obrera (Kastila), inorganisa ng Gremio de Artistas de Teatro.

10:30 n.g. – Magkakaroon ng sayawan hanggang madaling araw.[70]

Noong Mayo 1, 1903, isinasagawa ng UODF ang unang pagdiriwang sa Pilipinas ng Mayo Uno o Araw ng Paggawa sa pamamagitan ng martsa sa Malakanyang na nilahukan ng may 100,000 katao[71] Ibinulalas ng mga manggagawa ang pagkondena sa kontrol ng EU sa Pilipinas na nangangahulugang "ang katubusan ng manggagawa ay magaganap lamang kung mawawasak ang sistema ng paninikil sa kabuhayan at pulitika ng manggagawang Pilipino at ng buong sambayanan."[72] Dito'y isinigaw din nila ang islogang "kamatayan sa Imperyalismong Amerikano!"[73]

---

70 "La fiesta del trabaho," *La Democracia*, 29 Abril 1903.

71 Felicia, 204; Ramos:46; *PKP Book 1*, 46. Subalit ayon naman sa *La Democracia*, Mayo 2, 1903, higit sa 8,000 katao lamang ang lumahok sa naturang pagdiriwang.

72 Ramos, 46.

73 Ramos, 46; Felicia, 204;

Kinabukasan, ganito ang matutunghayang ulat tungkol sa pagdiriwang ng Pista ng Paggawa (akin ang salin): "Sa inisyatiba ng mga samahang manggagawa na dominado ng Union Obrera Democratica, ipinagdiwang ng mga manggagawa ng mga pabrika, talyer, imprenta, mga establisyamentong komersyal at iba pa ang Mayo Uno tulad din ng pagdiriwang nito sa mga prinsipal na sentrong produksyon sa Europa.

Napuno ang mga kalye ng makulay at maingay na mga manggagawang bumuhos sa araw na ito. Mas maraming nanggaling at mas malakas ang ingay galing sa distrito ng Tundo, San Nicolas, Binondo at Sta.Cruz kung saan bawat kalye ay may dala-dalang banda.

Sa hapon, binuo ang demonstrasyon ng iba't ibang gremio, nilahukan kasama ang kani-kanilang bandila, naglalakihang karosa laluna yung mga karosa ng mga gremio sa palimbagan, tipógrafos (typist) at encuadernadores (binder/tagatahi ng libro).

Nakakagulat ang okasyon dahil sa dami ng taong lumahok na bumibilang sa mahigit na walong libo at sa namayaning sigla ng kaganapan.

Tumigil sandali sa Hardin ng Palasyo ng Malakanyang ang demonstrasyon at nagbigay ng pahayag ang pangulo ng Union Obrera. Subalit wala roon ang gobernador at ang kanyang pamilya at sarado ang mga bintana ng Palasyo. Tumuloy ang demonstrasyon sa Karerahan sa Sta. Mesa at doon sila naghiwa-hiwalay.

Pagdating ng alas-otso ng gabi, nagtipon tipon sila sa Teatro Nacional para sa sayawan hanggang madaling araw. Sa kabuuan ay naging maayos at walang naganap na di kanais-nais na insidente sa araw na ito.

Subalit kagimbal-gimbal ang nangyari pagkatapos ng Mayo Uno. Marami sa mga líder nito at organisador ang inaresto, kinasuhan ng ilegal na asosasyon at sesyon at saka ibinilanggo. Marami sa mga kasaping unyon ang tinakot at pinresyur, at sapilitang pinagbitiw sa pagiging kasaping unyon ng pederasyon. Sa loob lamang ng ilang buwan, halos nabuwag ang UODF.[74] Kinasuhan naman ng sedisypn

74 *PKP Book 1*, 46.

at ilegal na pagtitipon si Dominador Gomez. Ipinabilanggo siya sa Corregidor na may kasamang sapilitang paggawa."[75]

**Pangwakas**

Ang limampung taon sa kasaysayan ng Pilipinas mula 1850s hanggang 1903 ay maituturing na yugto ng pagsibol at pagkamalay ng uring manggagawa sa kanyang potensyal at kakayahang palakasin ang sarili at baguhin ang kalagayan ng bansa. Sa umpisa, taglay nila ang kamulatan para tapusin ang pananakop at pang-aapi ng mga dayuhan sa bayan. Pinamunuan ni Gat Andres ang proseso ng pakikibakang anti-kolonyal. Matapang at buong loob siyang kumilos para magbalikwas at igiit ang kalayaan ng bayan.

Mga manggagawa at uring anakpawis ang pangunahing bisig ng himagsikan, kasama ang mga nakaririwasang naniniwala din na dapat tapusin ang lahat ng panlalait, pang-aapi at pagsasamantala ng mga Kastila.

Kahit nangyari ang karimarimarim na krimen ng pagpaslang sa Supremo, hindi nawalan ng loob ang mga anakpawis. Ang mga natural na kalagayan sa paggawa ang nagtulak sa kanila para magbuklud-buklod sa mga gremio hanggang maitayo ang pambansang unyon na hindi lamang pang-ekonomiya ang oryentasyon kundi politikal pa nga dahil direktang humahamon sa bagong kolonyal na pamahalaang Amerikano sa Pilipinas at naggigiit palagi ng kalayaan at kasarinlan.

Sa mga susunod na panahon sa kilusang paggawa, makikitang maliban sa tahasang pandarahas at pananakot, ginamit din ng pamahalaang Amerikano ang taktikang pagtatayo ng mga dilawang unyon sa Pilipinas para hatiin at pahinain ang makabayan at radikal na kilusang paggawa sa Pilipinas. Pagkatapos ng UODF, ang kilalang kinatawan ng dilawang American Federation of Labor si Edward Rosenberg ang naging opereytor ng pamahalaang Taft sa kilusang paggawa. Itinatag nila noong Hunyo 13, 1903 ang Union del Trabajo de Filipinas o UTF na naging sentro ng mga dilawang unyon sa Pilipinas haggang mabuwag ito noong 1907 dahil sa pagwawaldas ng pondo at oportunismo ng mga líder. Pinilit ng AFL-UTF na biyakin ang pagkakaisa ng mga manggagawa laluna sa limbagan at pagawaan ng tabako at sigarilyo ngunit sila ay nabigo.

75 Felicia, 204.

## SANGGUNIAN

### Mga aklat


Blair, Emma Helen at Robertson, James Alexander. *The Philippine Islands 1493-1898*. Cleveland: Arthur H Clark, 1903-1909, 55 bolyum.

Borromeo-Buehler, Soledad. *The Cry of Balintawak a Contrived Controversy*. Quezon City: Ateneo De Manila University Press, 1998.

Camagay, Ma Luisa T. *Working Women of Manila in the 19th Century.* Quezon City: University of the Philippines Press. 1995.

*Communism in the Philippines: The PKP Book 1.* Quezon City: Partido Komunista ng Pilipinas, 1996.

Constantino Renato with the collaboration of Letizia Constantino. *The Philippines: A Past Revisited, 8th ed.* Quezon City: Renato Constantino,1981.

Corpuz, Onofre D. Corpuz. *An Economic History of the Philippines.* Lunsod Quezon: University of the Philippine Press, 1997.

Cruz, Hermenegildo *Kartilyang Makabayan Mga Tanong at Sagot Ukol kay Andres Bonifacio at sa Kataastaasan, Kagalanggalang Katipunan ng mga Anak Ng Bayan na nagturo at nag akay sa Bayang Pilipino sa Paghihimagsik laban sa kapangyarihang Dayo*. Maynila: S.P., 1922.

De Jesus, Edilberto. "Manila's First Factories" *Philippine Historical Review* (Dec 1971): 98-102

Felicia, Mandy E. ed. *Gabay sa Tunay na Unyonismo*. Quezon City: EILER Publications, 1995.

Guerrero, Amado. *Philippine Society and Revolution*,(1970). Philippines:Aklat ng Bayan, 2005.

Guerrero, Milagros. *Kasaysayan: The Story of the Filipino People*. Bol. 5 Reform and Revolution. Hong Kong: Asia Publishing Co. & Readers Digest, 1998.

Guevarra, Dante. *Manggagawa sa Kasaysayan*. Maynila: Rex BookStore, 1995.

*Filipinos in History*. Maynila: National Historical Institute, 1996. 5 Bolyum

Kimuell-Gabriel, Nancy *Timawa: Kahulugan, Kasaysayan at Kabuluhan sa Lipunang Pilipino*. UP Diliman, Tesis Masteral, 2001.

_____ "Ang Timawa sa Kasaysayang Pilipino," *Bagong Kasaysayan*, Lathalain Blg. 3. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1999.

"La fiesta del trabajo," *La Democracia*, Abril 29, 1903.

Ramos, Elias. T. *Philippine Labor Movement in Transition*. Quezon City: New Day Publishers, 1976.

Lynch, Frank Lynch, "Trends Report of Studies in Social Stratification and Social Mobility in the Philippines." *East Asian Cultural Studies*. Tokyo: The Centre for East Asian Cultural Studies, 1963.

Masangkay, Guillermo , Document J Transcript, 11 Oktubre 1947. The Agoncillo Interview Documents, nasa Borromeo-Buehler, Soledad. *The Cry of Balintawak A Contived Controversy*, 1998.

Morga, Atonio de Morga, "Morga's Account of the Filipinos and Their Pre-Spanish Civilization (1609) nasa Zaide at Zaide, *Documentary Sources*, Tomo 4, Doc. 142.

_____. *Mga Pangyayari sa Sangkapuluang Pilipinas*, 1609. Inihayag sa Madla at binigyan ng paliwanag ni Jose Rizal at sinundan ng panimulang salita ni Ferdinand Blumentritt. Maynila: Pambansang Komisyon ng mga Bayani, 1964.

Nelmida-Flores , Marot, *Bagong Kasaysayan*.Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000.

Owen, Norman G."The Principalia in Philippine History: Kabikolan, 1790-1898." *Philippine Studies*. Tomo 22 (1974): 323-324

Quirino, Jose A. "Bonifacio's Sister Talks," *Philippine Free Press*, Nobyembre 27, 1954.

Ramos, Elias. T. *Philippine Labor Movement in Transition*. Quezon City: New Day Publishers, 1976

Santos Jose P. *Si Andres Bonifacio at ang Himagsikan*, 1935. ikalawang pagkalimbag.

Salazar, Zeus A. *Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan*. Bagong Kasaysayan Lathalain blg. 6, 1999.

_____. Wika ng Himagsikan, Lenggwahe ng Rebolusyon: *Mga Suliranin ng Pagpapakahulugan Sa Pagbubuo ng Bansa*, Pebrero 1998

_____. "Ang Real ni Bonifacio Bilang Teknikang Militar sa Kasaysayan ng Pilipinas," *Bagong Kasaysayan* Lathalain Blg. 1. Lungsod Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan, 1997.

Zaide, Gregorio & Zaide, Sonia. *Documentary Sources of Philippine History*. Vol. 3 & 4. Manila: National Book Store, 1990.

Zaide, Gregorio F. "Andres Bonifacio's Sister," *Philippine Graphic*, November 27, 1954.

## Panayam

Bonifacio, Atty. Gregorio Sampaksaan 2013: Balik-Tundo sa Paggunita ng Ika-150 Kaarawan ni Gat Andres Bonifacio, ADHIKA-SAKATUNDO, Mababang Paaralang Andres Bonifacio, Set. 28, 2013.

Salazar, Zeus A. "Sina Gat Andres Bonifacio at Dr. José Rizal bilang Pilipino sa Katapusan ng Kolonyalismong Kastila: Isang Sosyo-kultural na Paghahambing," Panayam, Zeus A. Salazar Ika-3ng BAKAS-UPLIKAS Sampaksaan ukol kay Jose Rizal, U.P. Diliman, NISMED, 28 ng Setyembre 2009. (Ppt.)

Tiongson, Jaime. Komunikasyong personal. Hulyo 27, 2013.

## Website

http://dictionary.reference.com/browse/gremio. Nobyembre 4, 2013.